

Pampublikong Update sa COVID-19 – ika-3 ng Hunyo 2020

ANONG BAGO

UPDATE MULA SA KEMH

Ang mga resulta ng mga swabs na sinusuri ng KEMH ay nananatiling negatibo sa COVID-19.

Mula sa petsang ito, isang daan at siyam (109) na swabs na ang nasuri sa ospital gamit ang isang bagong PCR analyser.

PAGLULUWAG NG MGA PAGHIHIGPIT

Nagpulong pulong ang ExCo ngayong araw at kinunsidera ang mga bagay patungkol sa pagluluwag ng mga paghihigpit sa mga negosyo na kasalukuyang inabisuhan na manatiling nakasara dahil sa COVID-19.

Ang mga uri ng negosyong ito ay napapabiang sa mga sumusunod na kategorya: mga pampublikong mga bahay; restaurants at cafes; mga sinehan; at yaong mga nagbibigay ng serbiyo sa personal health at wellbeing, kasama na dito ang mga hairdressers, beauticians, at mga physiotherapists.

1. Napagdesisyunan ng ExCo na simula sa darating na Biyernes, ika-5 ng Hunyo, ang mga negosyong nagbibigay ng serbisyo sa personal health at wellbeing, kasama ang mga hairdressers, beauticians, at mga physiotherapists, ay maaari nang magpatuloy ng kanilang mga operasyon ng may pagsunod sa mga abiso na nakalagay sa dokumentong *“Guidance for the Workplace”* na una nang inilabas ng Gobyerno, kasama rin ang mga espesipikong patnubay para sa mga uri ng negosyo na ilalabas bukas ng umaga sa COVID-19 webpage ng Gobyerno.
2. Napagdesisyunan ng ExCo na simula Biyernes, ika-19 ng Hunyo, ang mga pampublikong mga bahay; restaurants at cafes; at ang sinehan, ay maaari nang magpatuloy ng kanilang mga operasyon ng may pagsunod sa mga abiso na nakalagay sa dokumentong *“Guidance for the Workplace”* na una nang inilabas ng Gobyerno, kasama rin ang mga espesipikong patnubay para sa mga uri ng negosyo na ilalabas bukas ng umaga sa COVID-19 web page ng Gobyerno.

Dagdag pa dito, ang mga ang mga pampublikong mga bahay; restaurants at cafes; at ang sinehan, ay dapat na magsumite ng mga plano, para sa pagsusuri ng Gobyerno, na tumatalakay sa mga issue sa kung papaano ang mga negosyo ay, kung maaari, ay makapagbawas ng dami ng mga customer para mapanatili ang social distancing at mabawasan ang maaaring maganap na overcrowding; pamamahala sa mga pila; hygiene; at contact tracing. Ang dokumentong *“Guidance for the Workplace”* na una nang sinabi dito ay magbibigay ng praktikal na abiso para makatulong sa pagsasagawa ng mga plano.

Napili ang petasng ika-19 ng Hunyo para sa pagbubukas ng mga pampublikong mga bahay; restaurants, cafes; at ang sinehan, upang maisagawa ang bagong sistema na ipinapatupad ng KEMH sa surveillance swabbing. Makakapagbigay din ito sa mga negosyo na maghanda at magsumite ng praktikal na plano para sa pagsusuri. Hinihiling namin sa mga negosyo na magsumite ng kanilang plano sa Public Health Unit sa Miyerkules, ika-10 ng Hunyo, sa pag-email kay Carol Morrison (cmorrison@sec.gov.fk), na siyang magbibigay ng pagtugon sa mga negosyo bago ipatupad ang mga plano kasama ang Strategic Pandemic Planning Group para sa pagsusuri.

MGA PAGGUNITA

Ang mga paggunita sa Araw ng Kalayaan ay matutuloy ngayong taon sa Linggo, ika-14 ng Hunyo.

Gayunpaman, dahil sa kasalukuyang sitwasyon, maraming mga pagbabago kumpara sa ibang mga nakaraang taon para matugunan ang social distancing.

Isang serbisyo sa simbahan ang magaganap sa Christ Church Cathedral na pangungunahan ni Rev Ian Faulds, kasunod nito ay ang Parada at serbisyo sa pag-alala sa 1982 Liberation Monument na kung saan ang Kagalang-galang na Gobernador, MLA Leona Roberts, at isang kinatawan mula sa BFSAI ay maglalalatag ng mga wreaths kasunod ng Grupo ng mga Beterano at ilang mga indibidwal.

Sa pagbabago sa nakasanayang parada, ang mgakakasamang mga tropa na binubuo ng mga miyembro ng FIDF at BFSAI ay magbubuo ng mga pulutong sa Liberation Monument.

Ang contingent ng BFSAI ay binubuo ng mga tauhan mula sa Hillside Camp at 16 Medical Regiment na kasalukuyang nagbibigay ng serbisyo sa Stanley. Hindi magkakaroon ng martsa ng mga tropa sa katapusan ng serbisyo.

Irerepresenta rin ang BFSAI ng HMS Forth sa Stanley Harbour at ang RAF ay magbibigay ng isang flypast depende sa panahon at mga commitment sa operasyon.

Ang publiko ay malugod na iniimbitahan na dumalo ngunit kailangan na panatilihin ang social distancing sa loob ng event. May limitadong espasyo para sa mga sasakyan kaya naman hinihiling sa mga tao na maglakad sa monument kung kakayanin.

Nag-alok si Mr Tim Miller na maglagay ng mga place markers sa gilid ng damuahn sa magkabilaang panig ng memorial at mga puwang para makatulong sa social distancing at karagdagang mga speakers ang ilalagay upang marinig ng publiko ang serbisyo.

Ang mga kabataan mula sa mga youth groups ay hinihikayat na dumalo suot ang kanilang mga uniporme ngunit kailangang manatili sa kanilang sariling pampamilyang bubbles sa halip na makisama sa parada.

Magsasagawa rin ng seremonya ang BFSAI sa MPA kasabay ng oras sa paggunita ng Araw ng Kalayaan ng Stanley.

May hiwalay na paggunita sa Fitzroy sa ika-8 ng Hunyo, na may kasamang presensya ng mga tauhan ng BFSAI mula sa Hillside.

Sa ika-12 ng Hunyo, ang paggunita sa pag-atake sa HMS Glamorgan ay isasagawa sa Hookers Point, na may kasamang presensya ng HMS Forth malayo sa pampang.

Isang paalala na ang mga update sa COVID-19 ay isang beses na lamang sa isang linggo, tuwing Miyerkules.

QUARANTINE SA UK

Simula ika-8 ng Hunyo ay ipapatupad ng UK ang sapilitang labing-apat (14) na araw ng quarantine para sa lahat ng manlalakbay na darating sa UK. Ito ay ipapatupad sa lahat ng nationals, kasama ang mga mamamayan ng UK na pabalik sa UK.

Mga paglilipat ng UK (ng hindi kinakailangan ng visa o may valid na visa) -

Ang mga pasahero na maglilipat sa UK at mananatiling nasa airside ay hindi kasama sa requirement na mag-self isolate ngunit kailangan nilang makapag-kumpleto ng kanilang contact locator form.

Ang mga pasahero na dadaan ng border control para makadaan sa pamamagitan ng isang pang port (o dadaan sa kaparehong port sa ibang panahon) ay kinakailangan na mag-self-isolate sa panahon ng kanilang paglagi sa UK at sumunod sa mga patnubay sa social distancing ng UK Government.

Ang pampublikong transportasyon ay kailangang iwasan kung maaari.

Mga paglilipat na dadaan sa UK (at ikaw ay nangangailangan ng visa at wala ka nito) -

Sa loob ng mahigit sa labing-apat (14) na araw bago ka umalis papuntang UK, ang mga sumusunod na impormasyon ay kailangang ipadala sa

immigrationofficer@customs.gov.fk:

- Kumpirmasyon ng iyong mga detalye (kabuuang detalye ng iyong pasaporte)
- Kumpirmasyon ng iyong Airbridge booking
- Kumpirmasyon ng iyong flight mula sa UK (kahit anong kailangan na flight sa loob ng apatnapu't walong (48) oras/ o tatlong (3) araw bago dumating sa UK)
- Kumirmasyon ng iyong address habang nasa UK
- Kumpirmasyon at mga detalye ng iyong transportasyon mula sa Brize hanggang Heathrow / Gatwick

Mga paglilipat na dadaan sa UK patungong Falkland Islands -

Para sa paglilipat na dadaan sa UK at tutungo sa Falkland Islands sa pamamagitan ng RAF Brize Norton, ang mga sumusunod na impormasyon ay kinakailangan:

- Kumpirmasyon ng iyong Airbridge flight (kung papasok ng UK, apatnapu't walong (48) oras bago lumipad pa-timog)
- Detalye ng iyong flight sa pagdating sa UK (airport / flight number / oras at petsa)
- Detalye at kumpirmasyon ng iyong tirahan sa UK
- Kumpirmasyon ng iyong booked na sasakyan patungong RAF Brize Norton
- Ang impormasyon na ito ay dapat ipadala sa immigrationofficer@customs.gov.fk sa loob ng mahigit sa pitong (7) araw bago bumiyah.

Ang mga karagdagang impormasyon tungkol sa mga visa at border control ay makikita sa www.gov.uk:

<https://www.gov.uk/guidance/coronavirus-covid-19-advice-for-uk-visa-applicants-and-temporary-uk-residents#helpline>